

**Tungkol sa pagkuha ng Residence Certificate at Resident Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate na kinakailangan sa exemption sa pagbayad ng pagkakautang para sa Special Temporary Loan Emergency Funds**

1. Mga dokumentong kailangang tanggapin sa tanggapan ng siyudad ng Taito o iba pang ahensiya ng pamahalaan

(1) Residence Certificate na naglalaman ng pangalan ng lahat ng miyembro ng sambahayan

Ang dokumentong ito ay kailangang kinuha sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa na nakasulat sa aplikasyon sa pagtanggap ng exemption sa pagbayad ng pagkakautang para sa special temporary small loan emergency funds

(2) Resident Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate para sa Fiscal Year 2021 o 2022 (**hindi maaaring tanggapin ang Tax Payment Certificate**)

Ang mga pumailalim sa (1) at (2) sa sumusunod ay kailangang kumuha ng Taxation (o Tax Exemption) Certificate:

① Ang humiram o borrower (ang pangalang nakasulat sa dilaw na sobreng tinanggap mula sa Tokyo Council of Social Welfare)

② Ang puno ng sambahayan, sang-ayon sa nakasulat sa Residence Certificate sa (1) sa itaas

Paalala:

Kailangan lamang ang ① kapag ang ① at ② ay parehong indibidwal

Hindi nasasakop sa exemption kapag ang ① at ② ay exempted sa pagbayad ng buwis sa ibang fiscal year o taon.

i. Maaaring tanggapin ang Resident Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate para sa Fiscal Year 2021 sa tanggapan ng munisipalidad kung saan nakarehistro bilang residente sa Enero 1, 2021.

ii. Maaaring tanggapin ang Resident Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate para sa Fiscal Year 2022 sa tanggapan ng munisipalidad kung saan nakarehistro bilang residente sa Enero 1, 2022.

Para sa siyudad ng Taito, ang certificate para sa Fiscal Year 2022 ay maaaring tanggapin mula sa Hunyo 2022.

Paalala: Sa kaso ng i at ii, kung nakarehistro bilang residente ng siyudad ng Taito sa Enero 1 at kailangang magdeklara ng Resident Tax Return, kailangang gawin ito sa Tax Administration Section sa 3<sup>rd</sup> Floor ng munisipyo ng Taito. Para sa impormasyon ukol sa mga pamamaraan sa pagdeklara, sumangguni sa tanggapan ng Tax Administration Subsection, Tax Administration Section, Residents' Support Division (Telepono: 03-5246-1103).





Paraan sa pagdeklara ng  
Residence Tax sa siyudad ng Taito



2. Paraan sa pagkuha ng kinakailangang certificate

Maaaring tanggapin ang Residence Certificate at Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate sa service counters na nasa ibaba. Sumangguni nang direkta sa tanggapan ng munisipyo ng Taito o sa local residents' office para sa karagdagang impormasyon ukol sa identification documents, power of attorney at iba pang bagay na kinakailangan.

(1) Residence Certificate

Sa service counter		Sa koreo	
Kapag ang indibidwal mismo o ang kasama nito sa parehong sambahayan ang humihiling ng dokumento	Kapag ang dokumento ay hinihiling ng ibang partido o third party	Kapag ang indibidwal mismo o ang kasama nito sa parehong sambahayan ang humihiling ng dokumento	Kapag ang dokumento ay hinihiling ng ibang partido o third party
			

(2) Residence Tax Taxation (o Tax Exemption) Certificate (**hindi maaaring tanggapin ang Tax Payment Certificate**)



3. Singil sa pagbigay ng mga dokumento

Ipinagkakaloob ito nang libre kung ang dokumento ay tatanggapin sa munisipyo ng Taito o sa local residents' office, at pagpaliwanag sa kawani ng tanggapan na gagamitin ang nabanggit na dokumento para sa exemption sa pagbayad ng pagkakautang para sa Special Temporary Loan Emergency Funds. (Dahil pinagpapasiyahan ng bawat munisipalidad kung libre o may singil ang pagbigay ng dokumento, may kaso na kung saan ipapataw ang singil kung ang dokumento ay kukunin sa labas ng siyudad ng Taito.)

Kailangang tandaan na may bayad ang pagkuha ng dokumento sa isang convenience store gamit ang sariling My Number Card.

4. Saan maaaring tanggapin ang dokumento

**Taito City Office Family Registration Residents' Service Section**  
 4-5-6 Higashi-Ueno  
 Tel: 03-5246-1163

**Seibu (West) Residents' Office**  
 3-1-30 Shitaya  
 Tel: 03-3876-2651

**Hokubu (North) Residents' Office**  
 4-48-1 Asakusa  
 Tel: 03-3876-2284

**Nambu (South) Residents' Office**  
 1-10-12 Kotobuki  
 Tel: 03-3842-2651

**Seibu (West) Residents' Office, Yanaka Branch**  
 (1F, Yanaka Disaster Prevention Community Center)  
 5-6-5 Yanaka Tel: 03-3828-9291

**Hokubu (North) Residents' Office, Kiyokawa Branch**  
 1-23-8 Kiyokawa  
 Tel: 03-3876-3566